# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2025년 2월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa espirituwal na paglago ng kababaihan sa buong mundo**

Ang TWR Women of Hope sa Portugal ay nagsimula noong 2007 at umunlad sa isang grupo ng walo, na namamahagi ng programang Women of Hope sa pamamagitan ng anim na istasyon ng FM radyo at sa iba't ibang audio platforms. Mayroon din silang online prayer meetings at masiglang ginagamit ang social media upang maabot ang mga kababaihan. Ang Portugal ay may malakas na tradisyong Katoliko ngunit unti-unti ay nagiging mas sekular, kaya sinisikap nila na magamit ang bawat kasangkapan na maari nilang gamitin upang maikalat ang mensahe ng pag-ibig at pag-asa ni Cristo.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

1. Panginoon, nawa ang mga bagong mananampalataya sa Albania ay maidisipulo sa loob ng local na Iglesya upang sila ay lumago at umunlad sa kanilang relasyon sa Iyo. (Matt. 28:19)

2. Diyos, nawa ang mga Kristianong kababaihan na tagapanguna sa Benin na pinapahirapan dahil sa kanilang pananampalataya ay manghawakan sa Iyo at maging malakas ang loob at matapang. (2 Tim. 3:12)

3. Ama, sirain Mo ang mga maling paniniwala at legalismo na gumagapos sa Botswana. Ito ang nagiging hadlang upang maranasan ng mga Kristiano ang pagmamahal at malapit na relasyon sa Iyo. (2 Cor. 10:4-5)

4. Ama, nawa ang mga Kristianong kababaihan sa Brazil ay manabik na makilala Ka at ang Iyong Salita, at naisin nila na tularan ang buhay at katuroan ni Jesus, at maging saksi sa Iyong pagliligtas. (2 Tim. 3:15-17)

5. Ang mga kababaihan na kabilang sa grupong Hui ethnic ng China ay karaniw ng nasa mababaing estado ng pamumuhay sa kanilang komunidad. Panginoon, nawa ay marating sila ng Ebanghelyo at mabago ang kanilang buhay. (Gal. 3:28)

6. Ang mga Kristianong pamilya sa Congo ay nahaharap sa tumataas na mga isyu tungkol sa kalusugang pangkaisipan, nawa ay tumingin sila sa Iyo, Panginoon, at maging bukas sa pagpapayo na magbibigay sa kanila ng kagalingan at suporta. (Rom. 12:2)

7. Nawa ang mga kababaihang Kristiano sa Denmark ay magkaroon ng karunungang nagbubuhat sa Iyo, Diyos, upang maunawaan ang tunay na pangangaral mula sa kasinungalingan upang ang kanilang pananampalataya ay manataling matibay. (Matt. 7:15-16)

8. Panginoon, nawa ang mga kababaihan sa Dominican Republic na nangunguna at naglilingkod sa Iyo ay buong pusong umasa sa Iyong kapangyarihan at biyaya. (2 Cor. 12:9)

9. Nawa ay matuklasan ng mga kababaihan sa Eswatini ang kanilang mga espiritual na kaloob at talento at magamit ang mga ito upang mapaglingkuran Ka, Diyos, at maimpluensiyahan nila ang kanilang pamilya, Iglesya, komunidad, pulitika at bansa. (Prov. 31:26)

10. Panginoon, palakasin Mo at bigyan ng pag-asa ang mga batang ina sa Ethiopia na iniwan ng kanilang mga asawa at nagpapalaking mag-isa ng kanilang anak dahil sa fistula. (Isa. 40:31)

11. Maraming kabataang kababaihan sa Finland ay interesado sa pagiging espiritual ngunit hinahanap ito sa ibang mga bagay at hindi sa Kristianismo. Panginoon, bigyan Mo ng pagkakataon at karunungan ang aming mga tagapanguna para magabayan ang mga kababaihang ito patungo sa Iyo at sa Iyong Banal na Espiritu. (Matt. 5:16)

12. Diyos, dalangin namin na nawa ang mga migranteng kababaihan sa Germany ay makadinig ng tungkol kay Jesus at makakuha ng lakas ng loob at paglagong spiritual mula sa mga Iglesyang German. (Rom. 10:17)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

13. Palakasin Mo nawa ang mga mananampalatayang Indonesian na nakaranas ng terorismo mula sa mga ekstremista ng mga dominanteng relihiyon. Ama, nawa ay maging matatag ang mga mananampalatayang ito sa kanilang pananampalataya. (1 Cor. 15:58)

14. Sa pamamagitan ng malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos, nawa ang mga Kristianong kababaihang Japanese ay mamunga, lumago sa kanilang pananampalataya at sa pagkakilala kay Cristo at maging katulad Niya. (Eph. 4:11-16)

15. Nawa ang mga Tagapaglingkod na Koreanong kababaihang Kristiano ay magkaroon ng oras sa Iyo, maging pangunahin ito sa kanilang oras at maging halimbawa ang kanilang buhay at pag-uugali para mapangunahan ang iba. (Eph. 6:10)

16. Palakasin Mo ang mga Mongoliang kababaihang Kristiano, Diyos, upang magamit ang Iyong Salita sa panghihikayat ng kanilang mga anak sa espiritual na paglago at maihanda sila sa pagiging tunay na tagasunod ni Jesus. (Deut. 11:19)

17. Ang mga Kristiano sa Myanmar ay madalas na nakakaranas ng pag-uusig dahil sa kasalukuyang nagaganap na kaguluhang sibil. Panginoon, ingatan Mo sila, bigyan Mo ng ligtas na matutuluyan at palakasin sila ng Iyong presensya. (Ps. 91:1-2)

18. Sa kabila ng paninirahan sa Kanlurang bahagi ng mundo kung saan ang mga tao ay malaya na dumalo sa Iglesya, maraming kababaihan sa Netherlands ang nahihirpan na magkaroon ng oras sa pagsamba sa Panginoon. Ipanalangin natin na italaga nila ang kanilang buhay kay Jesus. (Joel 2:13)

19. Diyos, tulungan Mo ang mga Kristianong kababaihan sa Norway na naghahanap ng oras para sa Iyong Salita araw-araw. Hayaan Mong ito ang gumabay sa kanila at magbago ng kanilang buhay. Nawa ang Iyong Salita ang humubog sa kanilang pag-uugali at kilos. (Ps. 119:105)

20. Panginoon, palakasin Mo ang mga tagapanguna ng Iglesya sa Papua New Guinea upang maisulong ang pagkakaisa at pagkakasundo habang pinapangunahan nila ang mga pag-uusap tungkol sa kapayapaan para sa mga grupong hindi nagkakasundo. (Eph. 4:3)

21. Ama, dalangin namin ang mga Kristianong kababaihan sa Portugal na nawa ay manabik sila sa Iyo. Nawa ay ilapit Mo sila sa Iyong Salita at sa malapit na relasyon sa Iyo. (Ps. 19:7-11)

22. Ama, palakasin Mo ang mga Kristianong kababaihan sa Romania na bigyan ng prayoridad ang kanilang buhay upang sila ay makapamuhay ayon sa Iyong kalooban at magkaroon ng makaDiyos na impluensya sa kanilang pamilya, Iglesya at komunidad. (1 Pet. 3:1-6)

23. Ipanalangin natin ang Iglesya sa South Africa na nasa loob ng lungsod na maabot ang mga naninirahan sa paligid nila, lalo na ang mga solong ina. Nawa ay mabahaginan sila ng pag-asa mula kay Jesus. (Phil. 2:4)

24. Gisingin Mo ang mga Kristiano sa Spain, Panginoon, upang makita nila ang mga pagkakataon na ibinibigay Mo sa kanila at magkaroon sila ng makahulugang spiritual na pakikipag-usap sa mga tao sa paligid nila. (Eph. 2:10)

25. Panginoon bigyan Mo ng kalakasan ang mga kababaihan sa Tanzania, tulungan Mo silang maging matatag at hindi madala ng ibang relihiyon para lamang makapag hanap buhay. (Gal 5:1)

26. Panginoon, hinihiling namin ang paglago sa pangunguna at kaalamang teolohikal para sa mga tagapanguna ng Iglesya sa Timor Leste. Bigyan Mo nawa sila ng karunungan upang harapin ang mga modernong hamon sa buhay. (2 Tim 2:2)

27. Sa Uruguay. ang mga pamilya ay nagbebenta ng droga upang ikabuhay nila.Ito ay nagdudulot ng kamatayan sa maraming kabataan. Ipanalangin natin na wasakin ng Panginoon ang mga pinagmumulan ng droga at makahanap ang mga pamilya ng mas maayos na hanapbuhay. (Eph 6:13-18)

28. Panginoon bigyan Mo po ang mga katutubong mananampalataya sa Vietnam ng katatagan ng pananampalataya at katapangan upang manindigan laban sa pananakot at pamimilit sa kanila na tanggihan ang pananampalataya at manumbalik sa dating maling paniniwala. (Isa 41:10)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**